**Pamagat**: Ang Mga Katotohanan ng Impyerno Ayon sa Biblia

**Bible Text**: Luke 16:23 "And in hell he lift up his eyes, being in torments, and seeth Abraham afar off, and Lazarus in his bosom."
*Pagsasalin*: At sa impyerno ay itiningin niya ang kaniyang mga mata, at natanaw sa malayo si Abraham, at si Lazaro ay nasa kaniyang sinapupunan.

**Panimula**:

1. Hindi ito isang "Parable" – dahil hindi ito nakalista na isang parable. Ang mga parables sa Bible ay walang mga direct na mga pangalan na ibinanggit. Ito ay patungkol sa isang tunay na pangyayari na isanasalaysay ng Panginoong Jesus.
2. Ang salitang impyerno ay makikita natin sa Bible na binanggit ng 54X. Si Jesus ang pangunahing tagapagturo ng doktrina ng impyerno sa bagong tipan – sa simula ng Kanyang pangangaral (unang sermon niya) binanggit niya ang impyerno (Matt. 5:22) at isa sa mga huli niyang sermon sa templo sa Jerusalem bago ang Olivet discourse, binanggit niya ulit ang kahatulan ng impyerno (Matt. 23:33).
3. Sa Luke 16 tinanggal ni Jesus ang takip o saklob ng impyerno para malaman ng lahat na tutoong mayroon isang lugar ng pagdurusa!
4. Ang paksa ng impyerno ay napakaimportante, napakahalaga, wala nang mas mainit pang paksa sa buong Biblia at ang tanong ng Job 14:14 - Kung ang isang tao ay mamatay, mabubuhay pa ba siya? ANG SAGOT dito ay malinaw sa Luke 16: - YES! Sa oras ng kamatayan ang kaluluwa ng tao ay buhay na buhay!

## I. Ang LANGIT o IMPYERNO ay Nagsisimula Kaagad PAGKATPOS ng Kamatayan:

A. 2 Cor. 5:8 – to be absent from the body is to be present with the Lord. (Kaagad!) – Ang Christiano ay kaagad na nasa harapan at kapiling ng Panginoon.
B. Luke 16 – ang kabaliktaran nito ay tutoo rin, para sa mga hindi ligtas – v.23. Ang hindi ligtas ay kaagad na pumapasok sa isang impyerno.
C. Ang katotohanan na ito ay sumasagot sa mga maling akala o turo ng mga manlilinlang na tagapag turo ng Biblia:
   - C.1. Wala pong UNIVERSALISM – Lahat tayo ay pare-parehas lamang at sa huling wakas ay maliligtas. Ang lahat ay pupunta sa Langgit – PERO meron akong kilala na isang tao na hindi pumasok sa langit. – Binura lang ng Dios ang pangalan niya dahil sa Prov. 10:7 at nabura ito sa Aklat ng Buhay (Rev. 20:15).
   - C.2. Wala pong TOTAL ANHIALATION – Mawawala na parang bula ang tao. Tanong: Nawala ba itong taong ito na parang bula? HINDI! Nakakakita parin siya, nakakaramdam parin siya, nakakakilala parin siya, at nakakaalala parin siya.
   - C.3. Wala pong SOUL SLEEP – May mga nagtuturo na ang kaluluwa ng tao ay natutulog habang hinihintay niya ang hatol ng Dios sa huling wakas ng mundo. – TULOG ba itong mamang ito? Ang tutoo sigurado ako hindi siya nakatulog mula nang maipasok ang kaluluwa niya sa impyerno.
   - C.4. Wala pong PURGATORY – Intermediate state between Heaven or Hell (LIMBO – na pinalitan ng Catholic Church at mula 1200's ay tinanggal nila sa opisyal na turo nila simula noong 2007).
   - C.5. Wala pong SECOND CHANCES – Ang desisyon ng Langit o Impreyno ay TIYAK at DESIDIDO BAGO si Lazarus at itong mayaman na lalaki ay namatay.

## II. Ang Awa ng Dios ay para sa mga BUHAY PA at Hindi para sa mga YUMAO NA:

A. Luke 18:13 – may isang lalaki na nagmakaawa – at siya ay nakatanggap ng awa.
B. Luke 16:24 – may isang lalaki na nagmakaawa – at hindi siya nakatanggap ng awa. (Bakit? HULI NA).
C. Sa Rev. 4 may "rainbow" sa trono ng Langit – ito ay simbolo ng grasya, awa, katapatan ng Dios. PERO sa Rev. 20 sa trono ng paghuhukom wala kang makikitang "rainbow." NGAYON ang ARAW ng kaligtasan.

## III. Ang PAGHIHIRAP ng Impyerno ay SARI-SARI:

A. Cool my tongue – naiinitan, at nauuhaw siya (ibig sabihin – nararambadaman niya ang uhaw, at gutom, at mga pita ng laman).
B. May apoy sa impyerno – "for I am tormented in this flame" (sa Mark 9; 3X ang hell at fire ay binaggit).
C. May alaala – (v.25) "Son, Remember…"
D. May pananlangin pero walang sagot - - (v.27) "I pray thee therefore…" pero WALANG SAGOT.
E. May pagsisi at panghihinayang – pero HULI NA ANG LAHAT.

## IV. Ang IMPYERNO ay isang lugar na PINAPALITAN ng DIOS ang PRIORIDAD at PANANAW ng Tao:

A. Sa kasaysayan ng taong ito – siya ay mayaman at sarap buhay siya.
B. PERO noong nasa impyerno siya – naging punong puno ang puso niya ng AWA para sa kanyang mga kapatid.
C. Sa mundo – ang ganda ng kanyang mga damit PERO sa impyerno mas nais niya ng tubig kaysa sa damit.
D. Sa mundo hindi siya pulubi pero pagdating sa impyerno siya ang nagmamakaawa at magmamalimos.
E. Sa mundo hindi siya religious – pero sa impyerno - "FATHER ABRAHAM!!!"
F. Sa mundo hindi siya SOULWINNER – pero sa impyerno - - "For I have five brethren; that he may testify unto them, lest they also come into this place of torment."

**Katapusan**:

1. Kung ang katotohanan ng nagliliab at walang hanggan na Impyerno ay maari mong ibasura – walang tulong…
2. Kung ang katotohanan ng impyerno ay bigyan mo lang ng limang minuto ng pagiisip – tatakbo ka kay JESUS!